

Chapter One



Two years na ang nakalipas pero sariwa pa rin sa alaala ni Alexander ang mga pangyayari. Ramdam pa rin niya ang sakit at pangungulila sa dating nobyang si Liah. Hindi niya alam kung ano ang dahilan ng hindi nito pagsipot sa araw ng kanilang kasal. Wala man lang siyang nabalitaan, para itong bulang naglaho.

Noong una pa lang ay medyo hindi na ito nakapalagayan ng loob ng kanyang ina. Lalong tumindi ang pagtutol ng ginang sa kanilang relasyon nang malaman nito na anak si Liah ng babaeng biyuda na naging mistress ng daddy niya. Bukod doon, napansin din umano ng

kanyang ina ang kakaibang closeness ni Liah sa best friend niyang si Adrian. Masyado rin daw malapit si Liah sa mga lalaki, bagay na ikinatataas ng kilay ng ginang.

Pero sa kabila ng pagtutol ng kanyang ina ay itinuloy pa rin niya ang planong pagpapakasal.

“Pare, kung may alam ka kung nasaan si Liah, pakibalitaan mo naman ako,” pakiusap niya sa best na si Adrian na noon ay paalis na papuntang States.

“Pare, kung dito nga sa Pilipinas wala tayong balita sa kanya, paano pa kaya sa abroad?”

“Basta, pare, sakaling makita mo siya, balitaan mo ako.”

“Sure, pare. Pero kung ako sa ’yo, huwag mo nang hanapin. Alam mo kung bakit? Ayaw niyang magpakita sa ’yo, eh. ’Tsaka, hindi ka ba nagagalit? Hindi ka niya sinipot sa kasal n’yo,” dugtong pa nito.

“Nagagalit, pero mahal ako ni Liah at hindi ako naniniwalang kagustuhan niya iyon. Gusto kong malaman kung ano talaga ang dahilan niya, kung bakit niya nagawa sa ’kin ’yon.”

“Paano kung may iba pala siyang mahal?” tanong ni Adrian.”

Nagising sa pagmumuni-muni si Alexander nang may kumatok sa pinto. Umayos siya sa pagkakasandal sa swivel chair.

“Come in,” malakas na saad niya.

“Sir, ipinatawag n’yo daw ako?” tanong ni Sofie na nakasilip lang sa pintuan.

“Pwede ba, Sofia, pumasok ka nga at isarado mo ’yang pinto, hindi tayo makakapag-usap nang maayos kung nakasilip ka lang d’yan,” sabi ni Alexander.

Agad namang pumasok ang dalaga at umupo sa upuan sa harapan ng mesa niya.

“Nakikipag-usap ka sa akin na nakasilip lang sa pinto, pero hindi ka pa pinapaupo nakaupo ka na agad. Maanong antayin mong paupuin ka?” inis na sabi ni Alexander. Hindi niya alam kung bakit mainit ang ulo niya.

“Sir, para namang lagi tayo n’yan may interview, eh,” pabirong tugon pa ni Sofie, pero hindi natawa ang amo sa pagpapagaan niya sa mood nito.

Sa halip, tinapunan siya ng lalaki ng matalim na tingin.

“At nagawa mo pa talagang mamilosopo?”

“Sorry, sir, joke lang po,” paunmanhin ng dalaga.

Napatitig si Alexander sa empleyada nang hindi ito nakatingin sa kanya. Ngayon lang yata niya ito napagmasdan nang malapitan. Hindi

ito makatingin nang derecho sa kanya kaya lalo niya itong natitigan. Maliit ang mukha nito, bilugan ang mga mata, dark ang eyebrows na natural na maganda, at mahahaba ang pilik mata. Katamtaman ang tangos ng ilong nito at mapula ang mga labing tila walang lipstick. Pino at makinis ang kutis nito, morena, at bagay na bagay rito ang layered straight hair nito na halos hanggang baywang.

She's not your type, sabing kanyang konsyensya.

Kahit anong ganda kasi ng babae ay hindi niya magawang ma-attract dahil lagi niyang naikukumpara kay Liah. Kay Liah na halos perfect.

Naipilig ni Alexander ang ulo.

“May sasabihin po ba kayo, sir?” Nakatingin na si Sofie sa lalaki, parang nama-magnet siya sa paraan ng pagkakatatig nito sa kanya.

“Madami bang customers sa baba?” tanong ng binatang amo.

Pagmamay-ari ni Alexander ang coffee shop sa ground floor ng building. Itinayo niya iyon noong mga panahong gusto niyang mapag-isa at lumayo muna sa kanyang pamilya at sa mga taong nakakakilala kay Liah. Sawang-sawa na kasi siyang makarinig ng mga negative comments

tungkol sa babae. Isa pa, nagpaka-busy siya lalo para iwasan ang kanyang mommy.

Paulit-ulit kasi niyang ipinagtatangol dito si Liah, pero sa huli ay iniwan lang siya ng babae. Hindi tuloy niya mapasinungalingan ang mga saloobin ng mommy niya kay Liah at parang gusto na niyang maniwala sa kasabihang *mother knows best*.

Kaya naman nang maligaw siya rito sa Tagaytay ay nagtayo siya ng maliit na coffee shop. Nasa ibaba lamang iyon ng isang office branch niya at malapit din sa isa niyang condo unit.

Isa si Sofie sa mga working students na crew niya. Nakitaan niya ito ng galing at pleasing personality noong unang interview pa lang niya rito kaya agad niya itong tinanggap. Iyon nga lang, hindi niya maintindihan kung bakit sa tuwing magkakaharap sila ay mainit ang dugo niya rito at kulang na lang ay palpak ang tingin niya sa trabaho nito.

“Opo, marami pong customers,” sagot nito.

“Ano ba ang iniisip mo at parang wala ka na naman sa sarili mo, Sofia?”

“Ako, sir? Wala naman po,” sagot nito, hindi makatingin nang tuwid.

“Nga pala, ipinatawag kita kasi napansin

kong may kasa-kasama ka laging bata sa trabaho. Sino ba iyon?”

Lihim na napabuntong-hininga si Sofie. Napansin na pala nito ang nakababatang kapatid niyang si Darren. May apat na araw na niya itong sinasama sa trabaho dahil sa problema niya sa kanyang stepfather. At apat na araw na rin dito sa Tagaytay ang boss niya. Dati naman ay hindi ito madalas doon.

“Kapatid ko po, sir.”

“Ilang araw ko nang nakikita ang batang ’yan dito, pero hindi mo man lang sinasabi sa akin?”

“Nakikita mo pala, sir?”

“Of course, lahat ng kilos ng empleyado ko inaalam ko.”

Napansin din ni Alexander na parang lutang at malungkot ang dalaga nitong huli. Very strict siya pagdating sa mga empleyado, gusto niya ay nasa maayos at nasusunod ang mga patakaran.

“Hindi ko po kasi siya pwedeng iwan sa bahay kasi sinasaktan po siya ng stepfather ko kaya naisip ko na isama na lang siya dito.”

Napakunot-noo ang lalaki habang nakikinig sa dalaga. Hinayaan niya itong magpaliwanag. Inaasahan niyang ang susunod na gagawin nito ay magpapaawa at ang ang ending ay siya pa ang

kokonsyensyahin.

“Sa totoo lang sir... malaki talaga ang problema ko ngayon, hindi ko alam kung kanino ako hihingi ng tulong.”

Sinasabi ko na nga ba, naisip ni Alexander. Nangingilid na ang luha ng dalaga.

“Bakit, nasaan ba ang mama mo at ang totoong papa mo?

“Naghiwalay po sila noong doce ako at hindi na niya kami binalikan, kaya nag-asawa ulit ang mama ko kay Tito Arnold. Isa po siyang maimpluwensyang tao sa lugar namin. Nang magkasakit ang mama ko, biglaan, huli na nang malaman na may sakit pala siya sa puso, hindi na namin siya naipagamot at namatay na nga siya nitong nakaraang buwan.

“Tapos ngayon naman sinasaktan ng stepfather ko si Darren. Napatigil na nga po siya sa pag-aaral.”

Naawa naman si Alexander sa dalaga. Siya man ay nawalan din ng daddy, pero magkaiba ang kanilang sitwasyon.

“Bakit hindi mo sinabi sa akin? Naabutan sana kita ng kahit kaunting tulong,” sabi niya. “Alam mo bang muntik na kitang tanggalin sa dami ng absent mo? Isa ring dahilan kung bakit

kita ipinatawag sa manager n'yo ay dahil hindi mo na raw nagagawa nang maayos ang trabaho mo.”

“Pasensya ka na, sir, pero wala na talaga kasi kaming ibang mapupuntahan kaya dinala ko na ang kapatid ko dito,” dugtong pa nito.

“Tek, teka... ’wag mong sabihing kaya ka humihingi ng pasensya, eh, dahil dito mo na balak patirahin ’yang kapatid mo?” Naroon na agad ang pagtutol sa tinig ng lalaki.

“Sir, sige na po, kahit gawin mo na lang siyang tagahugas o tagawalis. Pwede naman siyang tumulong,” pagsusumamo ni Sofie.

Nag-iba ang timpla ng mukha ng lalaki. Nasa hitsura nito ang pagpoprotesta.

“Para ano? Para makasuhan ako ng child labor?”

“Hindi, sir!” Umiling ito.

“Hindi pwede! ’Tsaka kung may problema kayo, labas na ako d’un. Hindi mo ba alam na mas marami akong problema kaysa sa inaaakala mo ’tapos dadagdagan mo pa?” yamot na tugon nito. “Isa pa, hindi ko pag-aari itong building kaya hindi pwedeng mag stay-in dito.”

Hindi na nakaimik si Sofie. Nabanggit na marahil ng manager niya sa kanilang amo

na doon sila pansamantalang tumutuloy na magkapatid kapag sarado na ang coffee shop. Isa kasi siya sa mga nag-iingat ng susi ng establishment.

Hindi agad namalayan ng dalaga ang pagtulo ng kanyang luha. Palihim niya iyong pinahid ng palad habang nakayuko. Hindi niya alam kung ano ang pwede niyang sabihin pa. Mukhang wala na.

Napabuntong-hininga na lang ang lalaki, pagkuwa'y isinuklay ang mga daliri sa buhok, isinubsob ang mukha sa mga palad at saka umayos ng pagkakaupo. Tila hindi ito mapakali kaya tumayo at nagpalakad-lakad.

Satotoo lang, hindi ito ang unang pagkakataon na naawa si Alexander sa katulad ni Sofie, pero malay ba niya kung ito ay nagdadrama lang.

Hindi niya makumbinsi ang sarili na tumulong.

“Sige, pagbibigyan kita. Isama mo ’yang kapatid mo, libre na pati pagkain niya, pero three days na lang ang palugit ko. Hanggang sa makahanap lang kayo ng matitirahan. For the meantime, makitira muna kayo sa mga kamag-anak o kaibigan n’yo,” matigas niyang sabi. “Sige na, wala na akong sasabihin, bumalik ka na sa

trabaho mo.”

Tumayo na si Sofie at tumalikod. Palabas na siya ng pintuan, nagpupunas pa rin ng luha. Wala silang choice kundi ang bumalik sa bahay ng kanyang stepfather.

Chapter Two



“*S*inasabi ko na nga ba’t babalik ka rin, Sofie. Alam kong hindi mo matitiis na magutom at maghirap ’yang kapatid mo. Baka nakakalimutan mong ako pa rin ang bumubuhay sa inyo. Hindi ka man lang ba tatanaw ng utang na loob?” Nanlilisik ang mga mata ni Arnold, pagkuwa’y ngumisi ito, nakatitig sa kanya, palapit nang palapit sa bawat hakbang.

Umatras si Sofie, pero nagpatuloy pa rin ito sa paglapit sa kanya.

“Kung nasasaktan ko man ’yang kapatid mo, iyon ay dahil matigas ang ulo niya. Kaya ikaw, kung ayaw mo ding masaktan, sumunod ka na lang at wala tayo magiging problema.”

Natatakot na siya sa mga pinagsasabi nito. Hinawakan siya nito sa mukha.

“Sofie, gawin mo lang ang gusto ko at ibibigay ko sa ’yo ang lahat, magsama tayo bilang mag-asawa.”

Tinabig niya ang kamay nito, pero malakas siyang hinatak nito.

“Bitiwan mo ako!” sigaw ni Sofie habang nagpupumiglas. “Kaya hindi kita natutunang mahalina bilang ama dahil nakakadiri ka! Bastos!”

Isang sampal ang dumapo sa kanyang pisngi.

“Pwes, ayaw kitang maging anak dahil noon pa man may gusto na ako sa ’yo!”

“Ang sama mo!” Takot na takot na si Sofie.

Nagising si Darren at umiyak. “Ate, ano ba ang nangyayari? Papa, huwag n’yo pong saktan ang ate ko,” pakiusap ng bata.

“Darren, lumabas ka na! Aalis tayo sa bahay na ’to!” utos ni Sofie na pilit kumakawala sa pagkakahawak ni Arnold sa braso niya.

“Akala mo ba matatakas n’yo ako? Pero tama ka, palabasin mo na ang kapatid mo dahil ikaw lang ang kailangan ko!” Parang nababaliw na ang lalaki.

Nabitiwan siya ni Arnold nang magawa niyang sipain ang maselang bahagi ng katawan

nito. Habang namimilipit ito sa sakit ay agad siyang tumakbo palabas at sinundan si Darren na alertong tumakbo nang makitang makakatakas na sila.

Magkahawak-kamay silang tumakbo patungo sa kalsada.

May nagmagandang-loob na tricycle driver na pasakayin sila. Hindi naman siya maaaring pumunta sa bahay ng kahit sino sa kanyang mga kaibigan dahil madali siyang matutunton doon ng kanyang stepfather at baka gawan pa siya ng kwentong ng baliw na lalaki.



Bago umakyat sa opisina ay dumaan muna si Alexander sa coffee shop para bisitahin ito at para na rin makapag-almusal. Isang batang nakaupo sa tabi ng guard sa gawing kanan ng pinto ng coffee shop ang umagaw ng kanyang pansin.

Tama, sa isip-isip niya, ito nga ang kapatid ni Sofie.

Talaga ring may katigasan ang ulo ng babaeng iyon. Sa pagkaalam niya, tapos na ang tatlong araw na palugit niya rito. Natigilan siya nang tumapat siya sa pintuan, habang nakangiting binati siya ng guard.

Tumango lang siya, nasa bata pa rin ang atensyon.

“Bata, tumayo ka nga d’yan. Bawal tumambay dito.” Napakamot sa ulo ang guard, tila gustong magdahilan na hindi makaimik.

“Sir, kapatid po ’yan ni Sofie, sabi ko nga po pumasok na lang sa loob kaysa dito siya sa labas nakatambay,” paliwanag ng guard para hindi mapagalitan.

Tumayo ang bata at tumingin kay Alexander.

“Good morning po, sir. Alam ko po kayo po ’yung boss ng Ate Sofie ko. Pasensya na po, kung dito ako sa labas nakaupo. Sabi po kasi ni Ate, bawal daw ako sa loob,” saad ng bata na parang nagmamakaawa ang hitsura.

“Bawal nga, pero mas bawal dito sa labas. Para kang manlilimos, nakaka-distract sa mga customers,” yamot na sagot niya.

“Sir, pasensya na po. Hayaan n’yo, sir, ako na po ang bahala dito sa bata. Papupuwestuhin ko na lang po sa gawing likuran nitong shop,” sabat ng guard.

Tumango si Alex dito at muling kinausap ang kapatid ni Sofie.

“Bata, ano’ng pangalan mo?”

“Darren po,” magalang na sagot nito.

“Halika, pumasok ka, sumama ka sa akin,” ani Alexander.

“Doon ka na muna sa taas, sa opisina ko, kakausapin ko lang ang ate mo.” Binuksan ng guard ang pinto para makapasok sila. May daan mula sa coffee shop paakyat sa opisina niya.

Nakasunod si Darren kay Alexander paakyat ng hagdan. Napansin iyon ni Sofie na noon ay katatapos lang mag-serve ng order sa customer. Agad niyang inilapag ang hawak na tray at sinundan ang kapatid sa opisina ng boss.

Nagtataka siya kung bakit isinama ni Alexander si Darren sa opisina nito, pero dahil nakausap niya ang guard na si Kuya Digo, ang inaalala na lamang niya ay pagagalitan ng amo niya ang bata.

Marahan siyang kumatok sa pinto ng opisina ng boss niya at itinulak iyon pabukas.

“Sir, kakausapin n’yo raw po ako sabi ni Kuya Digo?” bungad niya pagkuwa’y pumasok at marahang isinara ang pinto.

“Halika, maupo ka.” Naupo si Sofie sa tabi ni Darren sa sofa. Nasa pang-isahang couch ang lalaki.

“Sir, pasensya na po, hindi ako tumupad sa usapan, pero sana ’wag n’yo akong tanggalin sa

trabaho. Umalis na po kasi kami sa bahay.”

“What? Naglayas kayo?” bulalas ng lalaki, hindi maipinta ang mukha.

“Opo, sa totoo lang wala na talaga kaming mapuntahan,” saad niya.

“So... ano ang gusto ninyong gawin ko? Maawa?”

Walang sumagot sa kanila ni Darren.

“Sige na, derechahin n’yo na ako. Kailangan n’yo ba ng pera?” kaswal na tanong ni Alex.

Naisip ni Sofie, kakapalan na niya ang kanyang mukha tatal, eh, napasubo na siya.

“Opo, sir, at kung pwede sana, sir, tulungan n’yo kaming makahanap ng safe na matutuluyan, doon sa malayo. Iyong hindi kami matutunton kasi tiyak na hahanapin kami ni Tito Arnold.” Parang gusto na niyang umiyak at maglupasay sa sahi.

“Okay, sige, you’re fired,” matigas na saad nito, na ikinagulat ng dalaga.

Hindi na niya napigilang umiyak sa harap nito. Hindi na talaga naawa sa kanya.

Pakiramdam ni Sofie ay sila na ang pinakakawawang tao sa buong mundo.

“Look, ito lang ang pwede kong gawin para sa inyo,” ani Alexander na napabuntong-hininga.

Bakas sa mukha nito ang awa sa magkapatid.

“Kuya, maawa ka naman. Wala na po kasi kaming ibang mapuntahan, sabi po kasi ng stepfather ko, gusto daw niyang maging asawa ang ate ko. Bad po siya,” sabat ng bata.

“What?” bulalas ni Alexander na napatayo mula sa kinauupuan. Tumalikod ang binata at umiling, pagkuwa’y humarap ulit sa dalawa, derecho ang tingin kay Sofie.

“Is it true, Sofie? Gusto kang asawahin ng stepfather mo?”

Tumango lang ang dalagang hindi halos makapagsalita. Ibinagsak ng lalaki ang kamao sa lamesa na ikinagulat ng dalawa.

“Kung gan’un, tama lang ang desisyon kong tanggalin ka sa trabaho.”

“Sir, di po ba unfair naman ’yon?” mahina at kapos sa kumpyansang protesta ni Sofie.

“Bakit ka umiiyak, tinutulungan na nga kita?”

“Ano naman ang tulong d’un, sir, eh, tatanggalin n’yo nga ako.” Kinalma niya ang sarili at pinahid ang mga luha.

“Hindi kita matutulungan unless tatanggalin kita sa trabaho mo. Isasama ko na lang kayo sa Manila. Gets mo na?”

Lumiwanag ang mukha ni Sofie. “Talaga, sir?”

Isasama n'yo kami?" Nabuhayan siya ng pag-asa.

"Sa isang kondisyon..." pabiting sabi ni Alexander

"Ano 'yon, sir? Kahit ano gagawin ko basta tulungan n'yo lang kami," ani Sofie.

"Ows? Paano kung hindi mo kaya?"

"Kakayanin ko, sir, sabihin n'yo lang. Basta ang gusto ko lang, makalayo sa stepfather namin."

Saglit na nag-isip ang lalaki. "Let's make a deal, then. Isasama ko kayo sa Manila, pero ayokong gagawa kayong magkapatid ng kalokohan dahil may zero tolerance policy ako."

Saglit lang nag-isip si Sofie. "Sige, sir, deal!" Kahit hindi pa niya alam kung ano ang ipapagawa nito, bahala na. Sa isip-isip niya, ano pa ba ang mas magandang choice? Wala na, kaya susubukan na lang niya anuman ang offer nito.

"Gagawin kitang personal assistant," sabi ng lalaki.

"Okay, sir."

"Hindi pa ako tapos. Ang ibig sabihin n'un, ikaw lahat ang gagawa ng gawaing bahay. Sa madaling salita—katulong." Nag-quote pa ito sa hangin habang binabanggit ang huling salita.

Nawala ang excitement na bumangon sa loob

ni Sofie. Akala niya ay trabaho sa opisina o sa coffee shop ang io-offer nito.

“Opo, sir, iyon lang pala. Kayang-kaya ko ’yon.”

“Talaga? Kaya mo?” tanong ng lalaki.

“Opo,” sagot ni Sofie.

“Paano kung walang sahod?”

“Okay na lang din, sir.” Lihim siyang napangiwi. “Kahit walang sahod, basta may matirahan kami at makakain,” tugon ng dalaga. Mas maganda na iyon kaysa magutom silang magkapatid o kaya mahuli ng stepfather nila.

“Susunod kayo sa mga rules and regulation ko, lalong-lalo ka na, Darren.” Tumingin ito sa bata.

“Ilang taon ka na ba?”

“Eleven years old po,” sagot nito.

“Ayoko ng batang makulit, ayoko ng maingay, ayoko ng malikot, at higit sa lahat ayokong pinapakialaman ang mga gamit ko. Maliwanag ba?” Parang nananakot ito.

“Opo, tatandaan ko po lahat ng sinabi n’yo, sir,” tugon ng bata.

“Ikaw, Sofia, kailangan paggising ko luto na ang breakfast. At pagdating ko sa gabi, dapat ready na rin ang dinner.”

“Yes, sir! Kayang-kaya ko po ang mga gawaing bahay,” pangako ni Sofie.

“Good! kung may reklamo kayo, ngayon pa lang sinasabi ko sa inyo na hindi pwede,” pagtatapos ni Alexander.

Chapter Three



Halos dalawang oras at kalahati na silang nasa biyahe at sa sobrang traffic ay nakatulog na si Darren sa backseat. Si Sofie ay nasa passenger seat, katabi ni Alexander. Naiilang si Sofie sa katahimikan sa loob ng sasakyan. Hindi siya palakuwento at mukhang ganoon din si Alexander. Kung di lang sa mahinang classical music sa loob ng sasakyan, baka pati paglunok niya ay maririnig din.

Naaamoy niya ang perfume ng lalaki. Kahit sa pabango, di maipagkakailang mayaman ito. Parang nakadagdag din sa kaguwapuhan ng amo na mabango at malinis ito. Napapasulyap siya rito habang nagda-drive ito, sa matipuno nitong mga

braso. Maputi at makinis ang balat nito.

Napailing ang dalaga sa kanyang pilyang imahinasyon. Sa kabila pala ng kalagayan nila ngayon ng kapatid, may puwang pa rin sa kanya ang humanga at mag-ilusyon sa kagaya ni Alexander, kung pag-iilusyon mang matatawag iyon.

Sino naman kasi ang hindi hahanga sa angkin nitong kaguwapuhan?

Napapatingin si Sofie sa labas ng bintana, sa matataas na city buildings na dinadaan nila. Sana ay hindi nababakas ng lalaki ang pagkamazed sa mukha niya. Mukhang mayayaman lang talaga ang puwedeng tumira sa ganitong klaseng lugar.

Nang maiparada nito ang sasakyan sa basement ng isang condominium building ay agad na ginising ni Sofie si Darren. Wala man lang silang kagamit-gamit na dala bukod sa handbag, uniform na suot niya at ilang pirasong extrang damit na kinuha niya sa locker.

Napalunok ang dalaga nang maramdaman niya ang pressure sa kanyang tainga habang paakyat ang elevator sa 36th floor. Paglabas ng elevator ay nasa tapat lang nila halos ang pintuan ng unit ng binata. Pinindot nito ang door code

at bumukas iyon.

Lihim siyang napahanga sa ganda ng lugar. Parang nasa mamahaling hotel sila.

“Ate, ang ganda!” mahinang bulong ni Darren sa kanya. “Dito ba nakatira si Kuya?” Si Alexander ang nagsabi sa bata na ‘Kuya’ na lang ang itawag dito.

Tumango lang si Sofie at sinenyasan itong huwag maingay.

“Pumasok na kayo,” ani Alexander na naghihintay na pumasok sila habang hawak ang pinto.

Bumungad sa kanila ang eleganteng living room. Pinaupo sila nito sa malambot na sofa.

Iginala ni Sofie ang tingin sa paligid. Sinamahan sila ni Alexander sa magiging kuwarto nila ni Darren.

Sinuyod niya ng tingin ang kabuuan ng silid habang inia-adjust ni Alexander ang air conditioning unit gamit ang remote. Maluwang ang silid. Malayung-malayo iyon sa tinutulugan nila ni Darren sa bahay ng kanilang stepfather.

“Sir, sino po’ng natutulog dito?” tanong niya.

“Guest room ’to, minsan ang mama ko ang natutulog dito. Minsan mga kaibigan kong bumibisita.” Itinuro ni Alexander ang isang

maliit na kuwartong katabi ng silid nila ni Darren.

Home office umano nito iyon at doon ito madalas nagtatrabaho.



Napabangon si Sofie nang maalalang nasa bahay nga pala sila ng kanyang amo at ang sabi nito ay kailangang nakahanda na ang breakfast paggising nito.

Tiningnan niya ang orasan, mag-a-alas-ochona ng umaga. Nataranta siya at tinungo ang kusina, dapat ay nakaluto na siya ng almusal.

Laking gulat niya nang makitang may nakahanda nang pagkain na may takip. Lumapit siya at napansin ang isang maliit na note ang nakapatong sa ibabaw ng metal na food cover.

Have your breakfast. Since first day mo, hindi kita pagagalitan. Pag-aralan mo ang mga dapat gawin habang wala ako. And be sure to prepare my breakfast tomorrow.

Walang binanggit ang lalaki kung pumasok ba ito sa trabaho o may ibang pinuntahan.



Lumapit kay Alexander si Tim. Kinamayan siya nito. Hindi matatawaran ang ngiti nito,

ngiting panalo sa bidding.

“Congratulations sa ’tin, bro! Ito ang pinakamalaking project na hahawakan natin so far.”

Napatango si Alexander, napangiti na rin.

“Bro, ngayon lang yata kita nakitang ngumiti nang ganyan,” pansin ni Tim sa kanya.

“Ngayon mo lang napansin kasi puro babae ang inaatupag mo,” sagot niya.

“By the way, bro, speaking of babae, what if one day magkita ulit kayo ni Liah?” tanong ni Tim.

Napakunot-noo si Alexander, nag-alangang sumagot.

“I don’t know.” Nagseryoso siya.

“Puwede ba iyon? Paano nga kung makita mo siya tapos... kunwari nag-iba na siya, halimbawa may mahal na siyang iba?”

“Eh, di may mahal na siyang iba. Ganoon lang ’yon kasimple, bro,” pabirong tugon niya, pero parang pumait ang bibig.

“Ows? Walang violent reaction?”

“Wala,” sagot niya.

“Talaga lang, ah. I wish I can be a fly on the wall when that time comes,” nakangiting sabi ni Tim. “Gusto kong makita ang reaction mo.”

“Ang weird mo, bro, mas weird ka pa sa taong nakatira sa unit ko,” wala sa loob na komento niya, si Sofie ang tinutukoy.

“Ano? May kinakasama ka na sa condo unit mo?” gulat na tanong nito.

“Wala, gago,” tanggi niya. Tiyak na mag-uusisa ito at may masasabing negative sa kanya. “Be sure to be on time tomorrow sa meeting, ayokong masira tayo sa owner,” seryosong bilin niya sa kaibigan, at bilang paglilihis na rin sa usapan.

“Ako pa? Nga pala, wala ka pa bang idea kung sino talaga ang tunay na owner dito sa tinanggap nating project?”

Umiling siya. “He’s being represented by a well-known legal firm. Sapat na sa akin iyon.”

“You’re in for a surprise. It’s your best friend Adrian Dy. Siya ang nagbigay sa ’yo ng project na ito.”

Nabigla si Alexander. Hindi niya alam kung ikakatuwa o ikaaasar niya ang balita.

“You want to know kung paano ko nalaman?”

Nagkibit-balikat si Alexander. “Malalaman ko rin naman eventually kahit hindi mo sabihin.”

“If that’s the way you like it, hahayaan ko nang siya ang magkuwento sa ’yo. Marami kang

dapat malaman.”



Naintindihan ni Alexander ang bilin ni Tim nang makaharap ang kaibigang si Adrian. Hindi niya naisip na ito ang may-ari ng gagawin nilang hotel. Pero ang talagang ikinagulat niya ay ang babae na kasunod nitong pumasok.

Sana dinerecho na lang siya ni Tim na si Liah pala ang babae ni Adrian. Ayaw niyang masira ang kanyang konsentrasyon. Hindi siya dapat magpaapekto sa nararamdaman. Pinili niyang magpaka-professional.

“Adrian, pare! Kumusta? You’re good when it comes to surprises, ha!” Si Tim ang unang kumamay rito.

Niyakap naman niya ang kaibigan.

“Nagulat kayo, ano?” sabi ni Adrian pagkuwan at nagtawanan sila.

Hindi naitago ni Alexander ang pagsulyap sa kasama nitong babae. Tinanguan lamang niya ang dating kasintahan.

“Pare, mamaya after the meeting, mag-usap naman tayo,” bulong sa kanya ni Adrian.

Iyon din ang gusto niya. Kailangan niyang makausap si Liah. Buong panahon ng meeting, hindi mapakali si Alexander. Parang wala siyang

naiintindihan sa mga pinag-uusapan dahil nag-uunahan ang mga tanong sa isip niya. Parang gusto na niyang hilahin ang oras para makapag-usap na sila.

Si Adrian kaya ang nakahanap kay Liah?

Nagpaiwan silang tatlo sa conference room pagkatapos ng meeting.

“Kumusta na? Saan ka ba nagpunta?” kaswal na tanong ni Alexander sa dating nobya. Ayaw niyang magpadala sa kanyang emosyon at pinipilit niyang magpakahinahon.

“I’m good. Kararating ko lang galing New Jersey, and I’m here to say sorry for what happened two years ago. Please forgive me, Alexander.”

Sa halip na gumaan ang loob, tila nabuhay ang galit na kinimkim pala niya nang mahabang panahon dahil sa salitang sorry.

Ang sakit, parang dinurog muli ang kanyang puso. Parang tutulo ang luha niya sa harap ng babaeng minahal.

“Sorry?” mapakla niyang tugon. “Just like that? Magbigay ka ng magandang dahilan kung bakit hindi mo ako sinipot sa kasal natin,” tiim-bagang na saad niya habang nakaupo paharap dito.

Nagtataka rin siya kung bakit kailangang kaharap si Adrian sa pag-uusap nila, pero hinayaan na lamang niya.

“Kasalanan ko, inaamin kong pinanghinaan ako ng loob.”

Alam ni Alexander na ang pagtutol ng kanyang ina na makasal sila ang idadahilan nito.

“Pinanghinaan ng loob?” Napaismid siya. “Hindi ba sinabi ko naman sa ’yo na magiging maayos ang lahat?” Medyo tumaas na ang boses niya.

“Paano tayo magiging masaya kung ang mommy mo mismo ay isinusumpa ako? Alexander, hindi ko kasalanan na naging kabit ng daddy mo ang mommy ko, wala akong alam d’un. Pero bakit kung makahusga siya sa akin, eh, gan’un na lang?” Tumulo ang luha nito.

“And that’s exactly my point, we don’t have anything to do with their past. Kaya bakit ka nagpaapekto? Sa ginawa mo, lalo mo lang pinatunayan na tama ang akusasyon ng nanay ko sa ’yo, na kulang ang tiwala mo sa ’kin at hindi mo ako magagawang ipaglaban pagdating ng panahon.”

“Xander, hindi mo kasi naiintindihan ang nararamdaman ko,” dahilan nito, gamit ang

palayaw nito sa kanya.

“Paano naman ang nararamdaman ko? Sana inintindi mo rin ’yon! Ikaw ang gusto ko, I have sacrificed my life, my reputation, my career, and even my mom for you. Everything! Pero tinalikuran mo lang ang ako.”

“Xander, umuwi ako ng Pilipinas dahil gusto ko na ng katahimikan. I want your forgiveness. Please, huwag ka nang magalit sa ’kin,” samo ni Liah.

“I’m afraid it’s not that easy. You don’t know what I’ve gone through when you ditched me. Nawalan ako ng direksyon nang mawala ka. Para akong mamamatay sa lungkot, ’tapos ngayon susulpot ka kung kelan okay na ako. Ano’ng gusto mong gawin ko, mag-set ulit ng date ng kasal natin? Gan’un ba, Liah? Para ano? Para bigyan ka ng pagkakataon na iwan ako ulit?” puno ng hinanakit na sumbat niya.

“Pare,” awat ni Adrian sa kanya.

Saka lang siya napatingin dito. Nakalimutan na niyang naroon ito. Umurong ang luha niya na papatak sana.

“Gusto sana ni Liah na magkaayos kayo,” dugtong nito.

Gusto niyang sabihin na huwag itong

makialam, pero naunahan siyang magsalita ng dalaga.

“Tanggapin na natin na hindi talaga tayo para sa isa’t isa. Tatanggapin ko kahit saktan mo ako, Xander. Sampalin mo ako kung gusto mo para mabawasan ang galit mo!”

“Saktan ka? Para ano? Para mabawasan ang guilt na nararamdaman mo?” Tumayo na siya. “I suggest you live with it, Liah.”

“Xander, hanggang ngayon pinaparusahan ako ng konsyensya ko, lalo na’t...” Matagal bago ito muling nagsalita. “Ikakasal na kami ni Adrian.”

“What?” mahinang sambit niya. Tama ba ang kanyang narinig?

Pinagkatiwalaan niya ang dalawang ito na pinakamalapit sa kanya. Para pala siyang tanga. Bakit nga ba hindi niya nakita ang closeness ng mga ito noon pa? Ang sumbong ng ina sa kanya noon ay nakita nito sina Adrian at Liah na magkasamang lumabas mula sa isang hotel nang minsang mag-out of town ito.

Pero hindi niya iyon pinansin.

“Well, I guess that concludes this meeting. Congratulations sa inyong dalawa,” mapait niyang sabi. “Don’t forget to send me an invitation.”



Pinanood ni Liah ang paglabas ng ex-fiancé. Naging mabuway ang relasyon nila nang maangkat ang nakaraan ng kani-kanilang magulang. Tutol din ang ama niya sa binata. Si Adrian na best friend ni Alexander ang nagsisilbing tagapayo niya.

Nauwi ang closeness nila ng lakaki sa patagong relasyon at doon na nasira ang lahat. Sa huli, ang naisip niyang pinakamadaling gawin ay ang huwag sumipot sa kasal.

Nagkamali siya alam niya, at mabigat ang guilt na nararamdaman niya. Nagpakita siya kay Alexander para lang sabihing ikakasal na siya kay Adrian. Napakasama nga yata niya para saktan nang ganito ang lalaking wala namang ginawang kasalanan kundi ang mahalina siya.



“Seriously? A-attend ka pa ng kasal? Nababaliw ka na ba, bro?” pangungulit ni Tim. Nakokonsyensya rin ang binata dahil hindi nito sinabi kay Alexander ang nalaman. “Paano ang project? Hahawakan mo pa rin?”

“Yes, of course. Nakapagpirmahan na. Problema pa kung ngayon tayo magba-back out.”

Tumigas ang panga niya.

“And the wedding? Bakit kailangan mo pang pumunta?” usisa ni Tim.

“Why not? Gusto ko sila makitang ikinakasal,” seryosong sagot niya. “Gaganti ako,” dugtong ni Alexander.

Hindi na umimik ang napapailing na si Tim.

Chapter Four



“Sir, ang laking pera po nito!” bulalas ni Sofie, alangang ibinabalik sa amo ang sobre na may lamang pera.

“Ibili n’yo ng mga damit n’yo, alam ko naman na wala kayong gaanong dalang gamit.” Hindi tinanggap ni Alexander ang pera.

“S-salamat, sir. Hindi ko po alam kung paano ko kayo babayaran,” ani Sofie.

Walang expression ang mukha ng boss niyang derechong tumingin sa kanya.

“Sofie, I’m a businessman. Hindi ako basta-basta nagbibigay nang walang kapalit, kaya ’wag ka munang magpasalamat.”

Nalaglag ang panga ni Sofie bago nakabawi.

“Sir, alam n’yo naman na wala akong ipambabayad kaagad-agad.”

“Bayaran mo sa kahit anong paraan.”

Nanlaki ang mga mata ng dalaga sa narinig.

Ang ibig ba niyang sabihin, eh, bayaran ko siya ng ano... ng katawan ko?

Tumingin sa kanya ang lalaki habang tinatangal nito ang necktie. Napakunot-noo si Sofie. Parang napakaguwapo naman nito para mamilit ng babae.

“O, ba’t ganyan ka makatingin?” masungit na tanong ng lalaki nang masalubong ang tingin niya.

“Ha? Ah, eh... wala, sir. Sige po, matutulog na ako. Maiwan na kita, ay, maiwan ko na po kayo,” tuliro niyang sagot at dali-daling tinungo ang kuwarto.

“Ang weird mo. Huwag mo sabi akong pino-po at naaalibadbaran ako,” narinig niya pang sabi ng amo.



Nagulantang si Sofie nang marinig ang ingay mula sa labas ng silid nilang magkapatid kaya agad siyang lumabas at tiningnan kung ano ang nabasag.

Nakita niya si Alexander na umiinom.

Napaatras siya sa kinatatayuan. Sa takot ay pumasok na ulit siya sa kuwarto. Nang tahimik na ay lumabas siya ulit para tingnan ang lalaki. Nakatulog na pala ito.

Niligpit niya ang mga nabasag na bote sa sahig. Ilang araw na laging umiinom ng alak ang lalaki pagkagaling sa trabaho at may mga pagkakataong sa sala na ito nakakatulog sa sobrang kalasingan. Sa tingin niya ay may matinding problema ito, pero wala siyang lakas ng loob para mag-usisa.

Sino ba siya para makialam?



Hindi makapaniwala si Sofie nang isang araw ay sabihin sa kanya ni Alexander na ipagpapatuloy nilang magkapatid ang kanilang pag-aaral.

Grade six na si Darren sa pasukan at siya naman ay graduating na sa kursong Computer Science. Ilang units na lang ang kailangan niyang bunuin. Nilinaw naman niya rito na babayaran niya ang magagastos nito sa kanilang magkapatid kapag nagkaroon na siya ng trabaho—bukod sa paninilbihan dito.

Sinabi naman ng lalaki na hindi ito maniningil ng interes. Hindi na rin siya tumanggi kahit

nahihiya siya dahil gusto niya talagang makapag-aral ang kapatid niya.



Mabigat man ang loob ni Alexander, gusto pa rin niyang saksihan ang kasal nina Adrian at Liah.

Isasama niya si Sofie. Ipapamukha niya kay Liah na hindi ito kawalan, na hindi lang ito ang babae na puwede niyang kabaliwan.

Sa tulong ng kakilalang couturier ay ipinili niya ng maganda at mamahaling damit si Sofie. Kahit simple lang ang suot ng dalaga ay elegante na itong tingnan. Gaano pa kaya pag nabihisan ito?

Nababaliw na yata siya.

Ang sinabi lamang niya kay Sofie ay isasama niya ito sa kasalan ng isang kaibigan.

Sa reception ay kaswal na binati at kinamayan ni Alexander ang groom at bride nang lumapit ang bagong mag-asawa sa mesa nila ni Sofie. Nagulat ang huli nang hawakan niya ang kamay nito.

“Congratulations!” sabi niya sa dalawa.

“Thank you, pare, at pumunta ka.” Tinapik siya ni Adrian sa balikat.

“You’re my best friend, right?” nakangiti

niyang tugon bagaman may kirot sa dibdib. Tumingin siya kay Liah, pilit pa rin ang ngiti. “By the way, this is Sofie, my girlfriend.”

Ano raw? echo ng isipan ni Sofie, pilit kumakalas sa hawak ng boss, pero mahigpit ang palad nitong nakasakop sa kamay niya.

“Hi, Sofie!” Nakipagbeso pa sa dalaga ang bride na si Liah.

Ang nararamdaman ni Sofie ay ang init ng palad ng amo. Parang kinilig siya na di niya mawari.

Noon lumapit sa kanila si Tim na kadarating lang. Hindi ito umabot sa simbahan.

Kinamayan nito ang bagong kasal at nang makalayo ang mag-asawa ay sila ni Sofie ang binalingan. “Girlfriend mo?” tanong pa nito sa kanya, naniniyak ang tono.

“Yes. Sofie, honey, this is my business partner and best friend Tim.” Ipinakilala niya ang dalawa.

“Nice to meet you, Sofie.” Inilahad ng bagong dating ang kamay.

Saka lang binitawan ni Alexander ang kamay niya.

“Wala akong kaalam-alam na may girlfriend ka na pala, bro,” bulong ni Tim kay Alexander na tila sadyang ipinaparinig kay Sofie.

“Ayaw ko nang ikuwento at baka maagaw pa ng iba,” sagot ni Alexander.

Girlfriend? Nagtataka man ay hindi na nagtanong ang dalaga. Mamaya na lamang niya kokomprontahin ang amo.

“Sofie, ’wag mong paiiyakin si Alexander, ha,” bilin ni Tim, tila inaasar ang kaibigan.

Ngumiti na lang si Sofie. Ano naman ang sasabihin niya?

Nang maayos na silang nakaupo at tumayo si Tim para lapitan ang ibang kakilala, may ibinulong si Alexander sa kanya.

“Huwag ka nang magtanong, hayaan mo silang isipin na girlfriend kita para walang intriga.” Halos dumikit na ang mga labi nito sa pisngi niya sa sobrang lapit nila sa isa’t isa.

Samantala, nakatutok ang tingin ni Liah sa ex-fiancé na kasama ng bago raw nitong girlfriend. Kailan lang ay naluluha sa harap niya ang lalaki. Hindi siya makapaniwalang ang patay na patay sa kanyang si Alexander ay parang mabilis yatang naka-move on. Maganda ang kasama nito at mukhang mas bata sa kanya. Hindi alam ni Liah kung selos ba ang nararamdaman niya. Hindi na niya dapat maramdaman iyon dahil kasal na siya kay Adrian.



Binigyan siya ng recommendation ni Alexander kung saan siya puwedeng mag-OJT, sa IT Department ng isang architectural firm sa Makati.

All around ang trabahong ipinapagawa sa kanya. Mas gusto na niya iyon kaysa pumepetiks lang. Nautusan siya ng immediate supervisor niya na dalhin ang mga pipirmahang papeles sa opisina ng CEO.

Pagpasok niya sa CEO's office ay hindi niya inaasahang makikita niya ang amo.

“Sir? Ano... kayo po ba...” Naguluhan siya bigla.

“Maupo ka,” kaswal na sabi nito.

Kaya naman pala mabilis siyang natanggap dito. Ang alam niya kasi ay iyong coffee shop lang sa Tagaytay ang business ng lalaki.

“Kayo po ang presidente?” tanong niya.

“Yup. Surprised? Akala mo ba ligtas ka na?” He smirked.

“Sir, bakit hindi mo man lang sinabi sa akin? Nabigla tuloy ako.” Iniabot niya ang mga papeles na ipinapabigay ng boss niya sa secretary ng CEO. Ipinatong lang ng lalaki ang dokumentong

nasa clip binder sa isang mesa.

“Bakit pa? Malalaman mo rin naman,” balewalang tugon nito. May kinuha itong envelope at iniabot sa kanya. “May mali diyan sa resume mo. Kinuha ko iyan sa HR.”

Nakita niyang may bilog ang address na nakalagay sa resume niya.

“Ano po’ng mali dito?” tanong niya.

“Iyang address mo, address ko ’yan. Palitan mo ng address mo sa Tagaytay. Gusto mo bang malaman dito sa office na ampon kita?” supladong tanong nito.

“Sige po, address na lang po ng kaibigan ko ang gagamitin ko para mas malapit.” Hinawakan na niya ang envelope para hindi iyon malimutan.

“Huwag mong ipapaalam sa kahit sino dito na magkasama tayo sa condo. Huwag ka ring sasabay sa akin sa pag-uwi unless sabihan kita, okay?” Tila nag-iisip pa ito ng ibibilin.

“Okay po.”

“Pag dito sa office, hindi tayo magkakilala nang personal, hindi tayo close. Nasabihan ko na si Tim tungkol sa setup natin.”

Natulala si Sofie sa mukha ni Alexander. Ang cute pala nito pag nagsasalita habang nakapilig ang ulo.

Bago siya umalis ay pinagdala siya ng lalaki ng apat na ream ng bond paper. Parang pinagtitripan lang siya.

“Kaya mo ba?” pahabol na tanong nito.

“Yes, sir! Kayang-kaya, no problem,” nakangiting sabi ni Sofie.

May kung anong kirot na gumuhit sa puso ni Sofie nang bahagya siyang makalayo sa amo. Napakataas pala ni Alexander at hindi niya ito dapat pinapangarap dahil lang sa ipinakilala siya nitong girlfriend. Kung anuman ang motibo nito ukol sa bagay na iyon, hindi na siya magtatanong. Ituturing na lamang niyang panaginip ang nangyari.



Tuwing umaga ay inihahatid niya muna ang kapatid na si Darren sa eskwelahan nito. Doon na ito kakain ng lunch at sa hapon, pag-uwi niya galing sa university ay susunduin niya ito.

Nang makapag-adjust na siya sa pag-o-OJT ay nag-decide siyang doon na lang sila tumuloy ni Darren sa paupahang kwarto sa bahay ng kanyang bagong kaibigang si Tess. New hire ito sa engineering firm na bahagi rin ng construction company ni Alexander. Sumang-ayon naman ang boss niya. Tingin nga niya ay nakahinga ito nang

maluwag sa desisyon niya.

Nahihiya na rin kasi siya na patuloy na makitira sa amo, lalo't may allowance naman siya galing dito at galing sa OJT niya. Tuwing Sabado at Linggo na lang siya pumupunta sa condo para maglinis. Kung tutuusin ay hindi naman talaga kailangan ng katulong ng lalaki dahil malinis ito sa bahay ay marunong naman sa gawaing-bahay. Ginagawa na lamang niya iyon para kahit papaano ay makabayad ng utang na loob dito.

Makikiusap na lamang siya sa lalaki na sakaling palarin siyang ma-absorb sa kompanya nito ay ikaltas na lamang sa kanyang sasahurin ang mga utang niya.